

Mga Karapatan ng Biktima — Isang Takdang Panahon

May karapatan kang...

Bago Isampa ang mga Paratang

- Itanong sa tagausig (DA) ang tungkol sa pag-aresto sa Nasasakdal.

Pagkatapos magsampa ng mga paratang ang DA

- Magtanong sa DA tungkol sa mga kasong isinampa laban sa Nasasakdal.

Pagsasakdal

- Itanong sa DA ang oras at lugar ng pagsasakdal at anumang ibang pagdinig na ang Nasasakdal at DA ay may karapatang pumunta.
- Panatiliing pribado ang iyong kompidensiyal na impormasyon.
- Tumangging makipagtagpo o makipag-usap sa depensa, maliban kung gusto mo.

Bago ang Paglilitis

- Sabihin ng tungkol at kausapin ang DA tungkol sa anumang pagdinig bago ang paglilitis.

Paglilitis

- Isang mabilis na paglilitis na natatapos nang walang pagkaantala.
- Ibalik agad ang iyong ari-arian, kapag hindi na ito kailangan bilang ebidensiya.

Bago ang Pagsentensiya

- Sabihin sa isang opisyal ng probasyon ang tungkol sa epekto ng krimen sa iyong buhay.
- Magsalita sa Hukuman sa anumang pagdinig upang pagpasiyahan ang sentensiya ng Nasasakdal.
- Kumuha ng kopya ng ulat bago ang pagsentensiya.
- Ipasang-alang-alang sa hukuman ang kaligtasan ninyo, ng inyong pamilya, at ng publiko.
- Sabihin ng tungkol sa proseso ng parol.
- Hingin sa hukuman na gumawa ng mga utos na nagpoprotekta sa iyo.

Pagkatapos ng Pagsentensiya

- Humingi ng pera (pagbabayad-pinsala) para sa mga nawala sa iyo.
- Sabihin ng tungkol sa nakatakdang pagpapalaya sa Nasasakdal at lahat ng pagdinig sa parol.
- Humingi sa hukuman ng mga utos upang protektahan ka laban sa panggugulo, abuso, o ibang pinsala.

Tungkol sa Amin

Ang Sentro ng Tagatulong sa mga Biktima ng Krimen ay matatagpuan sa kampus ng Paaralan ng Batas ng Pacific McGeorge sa Sacramento, California. Ang aming mga serbisyo ay **libre**. Alam ng aming mga ekspertong tauhan ang pinakabagong impormasyon sa larangan. Tinuturuan namin ang mga biktima at ang kanilang mga pamilya, mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima, at ibang mga tagapagtaguyod ng biktima tungkol sa:

- Mga legal na karapatan ng mga biktima,
- Kabayaran sa mga biktima,
- Pagbabayad-pinsala,
- Mga hablang sibil, at
- Mga karagdagang karapatan ng lahat ng mga biktima ng krimen (kabilang ang matatanda, mga bata, at mga taong may kapansanan).

Kami ay nag-aalay rin ng:

- Teknikal na tulong at pananaliksik na pambatas sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima.
- Mga libreng presentasyon ng “Alamin ang Inyong mga Karapatan” sa mga grupong pangkomunidad.

Kami ay nagpapatakbo ng **1-800-VICTIMS** – ang pambuong-estadong walang-bayad na nakahandang linya na nagbibigay ng kompidensiyal na impormasyon at mga pagrekomenda sa mga biktima, sa kanilang mga pamilya, mga tagapagkaloob ng serbisyo sa biktima, at mga tagapagtaguyod ng biktima. Ang nakahandang linya ay binubuo ng mga estudyante ng batas sa McGeorge at pinangangasiwaan ng mga abugado.



Victims of Crime
Resource Center

1-800-VICTIMS (842-8467)

TTY: 1-916-739-7083

www.1800VICTIMS.org

Email: 1800VICTIMS@pacific.edu

Ang pagpopondo ay ginawang posible sa pamamagitan ng Kagawaran ng Hustisiya ng Estados Unidos (United States Department of Justice), Batas sa mga Biktima ng Krimen, 2015-VA-GX-0058. Ang mga opinyon, napag-alaman, konklusyon, at rekomendasyon na ipinahayag sa publikasyong ito ay mula sa (mga) awtor at hindi nangangahulugang mula sa Cal OES o Kagawaran ng Hustisiya ng U.S.

Mga Karapatan ng mga Biktima sa California



Marsy's
Law
(Batas ni
Marsy)

Victims of Crime Resource Center
(Sentro ng Tagatulong sa mga Biktima ng Krimen)

1-800-VICTIMS (1-800-842-8467)

TTY: 916-739-7083

www.1800VICTIMS.org

1800VICTIMS@pacific.edu

Ang Marsy's Law ay Nagpoprotekta at Naglilingkod sa mga Biktima ng Krimen sa California

Ang Marsy's Law ay nagbibigay ng mahahalagang karapatan sa mga biktima ng krimen na nasaktan ang katawan, damdamin, o pananalapi dahil sa isang krimen (o tinangkang krimen).

Upang maging kuwalipikado bilang isang biktima ng krimen sa ilalim ng Marsy's Law, ikaw ay dapat na:

- Tuwirang biktima,*
- Malapit na miyembro ng pamilya,
- Tagapangalaga, o
- Kinatawan ng tuwirang biktima.

**Sa mga Tuwirang Biktima ay kabilang ang: asawa, mga magulang, mga anak at mga kapatid.*

Ang Iyong mga Karapatan Ayon sa Marsy's Law

Ang sistema ng hustisyang pangkrimen ay gagawin ang mga bagay na ito nang awtomatiko:

- Sabihin sa iyo ang tungkol sa Marsy's Law at bigyan ka ng isang kopya nito.
- Tratuhan ka nang makatarungan at magalang, nang may pagmamalasakit sa iyong pagkapribado. Walang pinahihintulutang guluhin o abusuhin ka sa panahon ng proseso ng hustisyang pangkrimen.
- Protektahan ang iyong kaligtasan sa pamamagitan ng mga kautusan ng pagpigil laban sa Nasasakdal o sinumang kumikilos para sa Nasasakdal.
- Isaalang-alang ang iyong kaligtasan at ang kaligtasan ng iyong pamilya kapag pinagpapasiyahan ang piyansa at mga kondisyon ng pagpapalaya.

- Isagawa ang paglilitis at ibang mga pamamaraang pangkrimen nang walang pagkaantala.

Ikaw ay mayroon din ng mga karapatang ito. Pero dapat itanong sa mga awtoridad ang mga ito.

(O ang iyong tagapagtaguyod ng biktimang testigo ay makakahingi sa mga awtoridad sa ngalan mo.)

- Bigyan ka ng kaalaman tungkol sa pag-aresto sa Nasasakdal, ang mga paratang laban sa kanya, at kung ibabalik siya sa ibang bansa.
- Bigyan ka ng paunawa kung magkakaroon ng pagdinig upang pagpasiyahan ang kaso bago ang paglilitis.
- Bigyan ka ng maagang paunawa tungkol sa anumang mga pagdinig ng hukuman na may kaugnayan sa Nasasakdal gayon din sa parol at ibang mga pagdinig tungkol sa pagpapalaya.
- Hayaan kang magsalita sa anumang pagdinig na may kaugnayan sa Nasasakdal at sa iyong mga karapatan bilang isang biktima.
- Bigyan ka ng isang kopya ng ulat bago ang pagsentensiya kapag ito ay makukuha ng Nasasakdal. Hindi ka pahihintulutang makita ang alinmang kompidensiyal na bahagi ng ulat.
- Panatilihin kang tumatanggap ng impormasyon sa mga desisyon ng hukuman tungkol sa Nasasakdal, kabilang ang pagpapasiya na nagkasala, sentensiya, lugar at oras ng pagkakakulong, petsa ng nakatakdang pagpapalaya, o pagtakas. Maaari rin kayong magparehistro sa Mga Serbisyo sa Biktima ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon ng California (CDCR) upang mabigyan ng paunawa ng pagpapalaya, pagkamatay o pagtakas ng nagkasala.

Para sa impormasyon: 1-877-256-6877

Bisitahin ang: www.cdcr.ca.gov/victim_services

Ikaw ay mayroon din ng mga karapatang ito. Pero dapat mong hingin ang mga ito sa mga awtoridad:

- Hindi ibahagi ang anumang kompidensiyal na impormasyon, mga rekord, o mga litrato sa Nasasakdal o kanyang kinatawan o abugado. Iyon ay nangangahulugang maaari mong huwag ibigay ang pribadong impormasyon:
 - Na maaaring magamit upang mahanap o magulo ka o ang iyong pamilya,
 - May kaugnayan sa paggamot sa iyong pangangalagang pangkalusugan o pagpapayo, at/o
 - Hiniling ng media, kabilang ang mga litrato.
- Magsabi ng hindi sa anumang kahilingang ginawa ng depensa para sa impormasyon, mga panayam o anumang iba pang bagay. Maaari mong kausapin sila, kung gusto mo, at maaari mo ring ipasiya kung kailan, saan at ano ang sasabihin mo sa kanila.
- Pahintulutan kang sabihin sa kagawaran ng probasyon ang tungkol sa epekto ng krimen sa iyo at sa iyong pamilya. Maaari nilang isama ang impormasyong iyon sa kanilang mga rekomendasyon sa pagsentensiya para sa hukuman.
- Tulungan kang mag-aplay para sa restitusyon upang makakuha ka ng pera para sa mga nawala sa iyo na may kaugnayan sa krimen.
- Ibalik agad ang inyong ari-arian kapat hindi na kailangan bilang ebidensiya.
- Bigyan ka ng pagkakataon na lumahok sa proseso ng parol at ibahagi ang iyong mga inaalala bago ang anumang pagdinig tungkol sa parol o pagpapalaya sa Nasasakdal.